# Mga Tala Tungkol sa mga Kontribyutor

**Michael Francis Andrada.** Nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Nakapaglathala na ng dalawang koleksiyon ng maikling kuwento, ang *Apartment sa Dapitan*, at *Sa Dulo ng mga Dalita*. Kasalukuyang Pambansang Ingat-Yaman ng All UP Academic Employees Union, at miyembro ng CONTEND-UP, at Alliance of Concerned Teachers (ACT). Kolumnista rin ng Pinoy Weekly Online (http://pinoyweekly.org/)

**Patrick F. Campos.** Isang mananaliksik at kritiko ng pelikula at panitikan ng Filipinas. Guro sa Instityut ng Pelikula, at kasalukuyang Kalihim ng Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla, UP Diliman. Ang mga pananaliksik, panulat, at panayam gaya ng "The Intersection of Philippine and Global Film Cultures in the New Urban Realist Film" (Plaridel;UGAT), "Rural Landscapes in the New Philippine Cinema" (Postcolonial Praxis; PSSP), "The Fantasy-Adventure Film as Contemporary Epics (2000-2008)" (Plaridel; Global Makeover), "The Politics of Naming a Movement: Independence According to Cinemalaya " (ASEACC), at "Looming Over the Nation, Uneasy with the Folks: Locating Mike De Leon in Philippine Cinema" (Humanities Diliman) ay umiinog sa mga isyung may kinalaman sa Sineng Filipino sa unang dekada ng ika-21 dantaon at ang ugnayan nito sa usapin ng pagbubuo ng nasyon.

**Resty Cena.** Nagtapos ng doktorado sa Psycholinguistics sa University of Alberta. Sandaling nagturo sa nasabing unibersidad, sa University of Hawaii, at sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Maraming taon ang iginugol sa Information Technology hanggang sa magretiro. Ngayon ay ipinagpapatuloy ang nauntol na pagsisiyasat sa wikang Filipino. Isinulat, kasama si Ricardo Nolasco ng UP Diliman ang *Gramatikang Filipino: Balangkasan* (UP Press, 2011). Katatapos ding sulatin ang *Gramatikang Filipino: Kayarian*, at kasalukuyang sinusulat ang *Gramatikang Filipino: Palabuuan.*

**Evangeline M. Dare.** Tinapos ang kursong batsilyer at masters sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños. May digring doktorado sa Antropolohiya (2004) mula sa UP Diliman. Naging Tagapamahalang Editor ng Diliman Review noong 1994 hanggang 1999 at nagturo ng mga kursong General Education (GE) sa iba't ibang pamantasan at kolehiyo bago naging Katuwang na Propesor sa Kolehiyo ng Ekonomiyang Pantahanan (CHE) at Puno ng Komite sa Wika sa kasalukuyan.

**Jose Edgardo A. Gomez, Jr.** Katuwang na Propesor sa Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal (SURP) ng UP Diliman. Nagtapos ng M.A. Urban and Regional Planning sa nasabing institusyon, at B.S. Legal Management sa Ateneo de Manila University. Anim na taon nang nagtuturo sa UP, at gumagawa ng mga pananaliksik ukol sa pag-unlad ng mga lungsod, na minsa'y natatanggap sa mga internasyonal na pulong. Kasalukuyang Puno ng Komite sa Wika, at Direktor ng Pagsasanay at Ekstensiyon ng SURP.

**Niel Kenneth Jamandre.** Katuwang na Propesor sa Kagawaran ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro (DSCTA) ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman. Nagtapos ng B.A. at M.A. Speech Communication sa UP Diliman. Ang paksa ng mga pananaliksik ay tungkol sa Oral Communication, Organizational and Intercultural Communication, Distance Education, at Computer-Mediated Communication. Nagkaroon ng administratibong tungkulin sa CAL Student Affairs, Office of Admissions, Assistant to the Registrar for CRS, UP Provident Fund, at Dulaang UP. Workshop facilitator sa Personality Development at Presentational Skills for Professionals.

**Jane K. Lartec.** Propesor ng Filipino, Professional Education, at Special Education sa Saint Louis University sa Lungsod Baguio, at kasalukuyang Tagapangulo ng Kagawaran sa Filipino ng SLU. Nagtapos ng BSED-Filipino sa SLU, M.A. Filipino as a Second Language sa Benguet State University, PhD Language Education sa University of the Cordilleras, at M.A. Special Education sa SLU. Kabilang sa Lupon ng mga Direktor ng Wika ng Kultura at Agham, Inc., miyembro ng Pambansang Lupon ng Philippine Association for Language Teaching (PALT), at kasalukuyang Pangulo ng PALT-Baguio Chapter. Manunulat at editor ng mga aklat sa Filipino na panghay iskul at pangkolehiyo, at aktibong mananaliksik sa wika at edukasyon. Naparangalan bilang Outstanding Teacher ng Benguet State University noong 2004, at naging Kampeon sa Gawad Clemencia Espiritu Saliksik-Wika ng Pambansang Samahan ng Lingguwistika at Literaturang Filipino noong 2010.

**Rolando B. Tolentino.** Kasalukuyang Dekano ng Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla ng UP Diliman at guro ng UP Instityut ng Pelikula. Nakapagturo na sa Osaka University at National University of Singapore. Naging distinguished visitor ng UC-Berkeley at UCLA Southeast Asian Studies consortium, at tumanggap ng Obermann Summer Research Fellowship. Ang interes sa pananaliksik ay panitikan, kulturang popular, pelikula, at midya ng Filipinas, pinagsasanib ang mga isyung nasyonal at transnasyonal. Tumanggap ng UP Artist 2 Productivity Award, UP Centennial Professorial Chair, National Book Award (Manila Critics Circle), at Writer's Prize (National Commission for Culture and the Arts). Nagsusulat ng mga kuwento at sanaysay, at fellow ng UP Institute of Creative Writing. Tagapangulo ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino (Filipino Film Critics Group), at Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND-UP)